# Protokol sa Muling Pagbubukas para sa Drive-In na Sinehan

## Epektibong Petsa: 12:01 ng umaga Thursday, May 06, 2021

**Kamakailang mga Pagbabago** (Mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)
**5/5/21:**

- Ang mga trak ng pagkain ay pinahihintulutan na bukas para sa mga Drive-In na Sinehan at kaganapan.

Retirado - Wala ng Epekto

Ang protokol na ito ay nalalapat sa mga operasyon ng parehong establisyado at bagong drive-in na sinehan. Ang lahat ng mga operasyon ng drive-in na sinehan ay dapat na may sapat na imprastraktura, tauhan at kasanayan para tugunan ang lahat ng mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya, pantakip sa mukha at kalinisan. Ang mga establisyadong pasilidad na may establisyadong mga trabahador, banyo at pinahihintulutang pasilidad ng pagkain ay mas madaling magagawa na tugunan ang mga kinakailangan sa kaligtasan. Ang mga kinakailangan na partikular sa mga bagong operasyon ng drive-in na isinasaayos sa mga paradahan at iba pang mga espasyo na hindi paunang ginawa para sa mga negosyo ng drive-in na sinehan ay nakalista sa dulo ng protokol na ito.

Ang mga operasyon ng drive-in na sinehan ay dapat na pangasiwaan ng iisang amo/employer na siyang namamahala sa lugar, na aako ng responsibilidad para sa patuloy na pagsasanay at pagsusuri ng lahat ng mga kawani, probisyon ng lahat ng mga kinakailangang kagamitan at materyales, pagsusubaybay ng pagsunod sa lahat ng mga hakbang sa kaligtasan sa panahon ng anumang pagpapalabas at pagkuha ng mga pahintulot mula sa lokal na pagsosona at mga opisyal ng lungsod, kung kakailanganin.

Ang mga sinehan ay maaaring magpalabas ng livestream na nilalaman na kinunan saanman hangga't ang pagpapalabas ay sumusunod sa mga kinakailangan na dinetalye sa Appendix J.

Ang alinmang serbisyo sa pagkain ay dapat na mula sa isang lisensyadong restawran na nasa lugar, pinahihintulutang concession stand, trak ng pagkain, o nakabalot na pagkain mula sa palengke na pinahihintulutan ng Kalusugang Pangkapaligiran (Environmental Health). Maaaring bilhin at kunin sa lugar ang pagkain o iorder sa pamamagitan ng ikatlong partidong mga serbisyo sa paghahatid at ihatid sa sasakyan ng kostumer. Ang lahat ng pagkain at inumin ay dapat na ikonsumo sa loob ng sasakyan ng kostumer. Ang mga pasilidad na ito ng pagkain ay dapat na sumunod sa lahat ng nalalapat na restawran at/o mga protokol sa muling pagbubukas ng serbisyo ng pagkain. Ang mga kalahok ay maaaring magdala ng kanilang sariling pagkain.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay ipinagtitibay ang isang niyugtuang pamamaraan, suportado ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, upang payagan ang ilang mga negosyo ng tingi (retail businesses) na muling makapagbukas nang ligtas. Ang mga kinakailangan na nasa ibaba ay partikular sa mga drive-in na sinehan na pinapahintulutan na muling buksan sa ilalim ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan. Bilang karagdagan sa mga kondisyong ipinataw sa mga negosyong ito ng Opisina ng Estado sa Pampublikong Kalusugan, ang mga negosyo ng Drive-In na Sinehan ay dapat sundin ang mga kondisyong inilatag sa Listahang ito para sa Drive-In na Sinehan at ang mga protokol sa muling pagbubukas ng Restawran.

Mangyaring tandaan: Maaaring magbago ang dokumentong ito habang may magagamit na karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan kung kaya't regular na tingnan ang website ng La County http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa:

(1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado

(2) Mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya

(3) Mga hakbang para masiguro ang pagkontrol ng impeksyon

(4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko

(5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo.

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

**Ang lahat ng mga negosyo na sakop ng patnubay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.**

**Pangalan ng Negosyo:** ______________________

**Address ng Pasilidad:** ______________________

**Petsa ng Pagpapaskil:** ______________________

**TANDAAN: Sa buong protokol na ito, ang salitang "kotse" ay ginagamit upang magpahiwatig ng anumang kotse, van, maliit na trak, camper o iba pang sasakyan na ginagamit para sa pribadong transportasyon. Maaaring limitahan ng mga lugar ang mga uri o sukat ng mga pinahihintulutang sasakyan kung kinakailangan.**

## A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- ❑ Ang lahat ng tao na kayang gawin sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- ❑ Hangga't maaari ang mga mahihinang kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay tatalagahan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang bayad na kawani, mga intern, mga boluntaryo, sama-samang tinatawag na "mga empleyado") ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa sariling pagbubukod, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
- ❑ Impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng 2021 COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave Law.
- ❑ Hangga't maaari ang mga proseso sa trabaho ay binago upang paramihin ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay.
- ❑ Kung naipaalam na isa o higit pang mga empleyado ay positibo o may sintomas na katulad ng

Retirado - Wala ng Epekto

COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pagbubukod sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho (workplace). Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na naka-bukod na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.

- ❑ Ang mga pagsusuri sa empleyado, tauhan (crew), musikero at tagaganap, bukod sa iba pa, ay isasagawa bago pumasok sa mga panloob at panlabas na lugar ng establisyemento. Ang mga pagsusuri ay dapat kabilangan ng pagtatanong tungkol sa lagnat o panggiginaw, ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at biglang pagkawala ng panlasa o pang-amoy, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. (Tingnan ang gabay sa Pagsusuri sa Pagpasok ng County. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check o sa pamamagitan ng karatulang nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga ganitong síntomas ay hindi dapat pumasok sa mga nasasakupang lugar.
  - Kung ang tao ay walang mga sintomas, hindi kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine, at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagan na makilahok sa araw na iyon.
  - Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan[1] laban sa COVID-19 at nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, dapat silang pauwiin agad at sabihang mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine. Ang isang ganap na nabakunahang tao o isang tao na gumaling na mula sa mga kaso ng COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo bago ang 90 araw, ay hindi kailangang mag-quarantine pagkatapos ng pagkakalantad sa isang kilalang kaso ng COVID-19 bago ang nakaraang 10 araw, hangga't sila ay walang mga sintomas (asymptomatic). Yung mga tao na magkakaroon ng mga sintomas ng COVID-19 ay dapat na ibukod ang kanilang mga sarili.
  - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, dapat silang pauwiin agad at sabihang magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.

- ❑ Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o online sa www.redcap.link/covidreport. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.

- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na maskara sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa at http://publichealth.lacounty.gov/acd/ncorona2019/masks. Ang maskara ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila

Retirado - Wala ng Epekto

[1] Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga sa mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela (drape) na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may isang paraan ng balbula ay hindi dapat gamitin.

- ❑ Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras maliban kapag nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na sarado ang mga pintuan o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may mga solidong partisyon na lumalagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang bisa.
- ❑ Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o uminom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kung maaari kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.
- ❑ Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa pagkainan at/o panandaliang pahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
  - o Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pahinga; at
  - o Halinhinan sa oras ng panandaliang pahinga o pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at panandaliang pahinga; at
  - o Paglalagay ng mga mesa na walong talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggal o pagte-tape ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga maskara sa mukha (face covering).
- ❑ Ang lahat ng mga estasyon ng trabaho ay pinaghihiwalay nang hindi bababa sa anim na talampakan.
- ❑ Ang mga booth ng tiket, mga lugar sa konsesyon ng pagkain, mga silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms) ng empleyado, mga banyo (restrooms) at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay dinidisimpekta sa dalas na nakalista sa ibaba, nguniti hindi bababa sa isang beses kada araw, sa sumusunod na iskedyul:
  - o Mga booth ng tiket ______________________________
  - o Lugar ng Konsesyon ______________________________
  - o Mga silid sa panandaliang pamamahinga ______________________________
  - o Mga banyo ______________________________
  - o Iba pa ______________________________
- ❑ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ______________________________
- ❑ Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ______________________________
- ❑ Ang mga empleyado ay pinapayagan sa madalas na mga panandaliang pamamahinga o breaks para

Retirado - Wala ng Epekto

hugasan ang kanilang mga kamay.

- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado
- ❑ Ang bawat manggagawa ay inilaanan ng kanilang mga sariling kasangkapan (tools), kagamitan at tukoy na lugar ng trabaho. Kung kailanman maaari, ang pagsasalo-salo sa mga nahahawakang bagay ay pinadalang na o tinanggal na.
- ❑ Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa listahang ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng pagdedeliber (delivery staff) at anumang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- ❑ Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

______________________________________________________________________________

## B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- ❑ Ang walang pera at walang paghawak na mga sistema ng transaksyon ay naipatupad kung saan maaari. Ang mga reserbasyon at pagbabayad ay maaaring gawin nang maaga sa online o sa telepono.
- ❑ Ang mga sasakyan ay dapat na may espasyo na hindi bababa sa anim na talampakan mula sa isa't isa at walang pagtitipon ng mga tao sa labas ng mga sasakyan ang pinahihintulutan. Ang mga paradahan para sa mga nanonood sa drive-in na sinehan ay limitado alinman sa bawat iba pang lugar at nirekumpigura upang matiyak na sapat ang distansya sa pagitan ng mga sasakyan.
- ❑ Ang bawat sasakyan ay nilimitahan sa pag-okupa ng mga miyembro ng parehong sambahayan na may malapitang pakikisalamuha na sa isa't isa. Kung hindi gumagamit ng mga pasilidad ng banyo o kumukuha ng mga konsesyon, ang mga tagapagtangkilik (patrons) ay dapat na manatili sa kanilang mga sasakyan. Ang mga tagapagtangkilik ay hindi maaaring umupo sa labas ng kanilang mga sasakyan, hal., para manood ng isang drive-in na pelikula malapit sa kanilang sasakyan.
- ❑ Ang mga pumapasok na sasakyan ay ipinagbabawal na lumagpas sa kanilang pinakamaraming (maximum) pag-okupa.
- ❑ Ang mga indibidwal ay dapat na manatili sa kanilang mga sasakyan. Ang mga kombertibol na kotse ay maaaring ibaba ang kanilang mga bubong at ang mga manonood ay maaaring umupo sa mga labas na bahagi ng kanilang sasakyan tulad ng sa likuran ng isang pick-up na trak.
- ❑ Ang mga kawani na may suot-suot na mga maskara sa mukha ay nakapuwesto sa hindi bababa sa anim na talampakan ang layo sa isa't isa upang madirektahan ang mga tagapagtangkilik sa mga bukas na espasyo ng paradahan.
- ❑ Ang mga palaruan para sa mga bata ay maaaring magbukas na sumusunod sa Protocol para sa mga Panlabas na Palaruan ng County.
- ❑ Ang mga lugar ng piknik at mga lugar na nilalayon sa paunang pagsusuri (pre-screening) ng panlibangan ng adulto ay sarado. Ang mga manonood ay hindi dapat gumamit ng panlabas na pagkakaupo at dapat na manatili sa mga kotse. Ang anumang panloob na pagkakaupo na nasa loob ng 100 talampakan ng panooran ay dapat na magsara ng isang oras bago ang oras ng palabas at dapat na manatiling sarado hanggang sa isang oras pagkatapos ng palabas.
- ❑ Ang mga kawani na may suot-suot na mga maskara sa mukha ay nakapuwesto sa mga entrada sa konsesyon at mga lugar ng banyo sa hindi bababa sa anim na talampakan mula sa isa't isa at mula sa mga pinakamalapit na tagapagtangkilik upang masiguro ang pagpapanatili ng 6 na talampakang distansya sa linya at sa loob ng mga pasilidad.
- ❑ Ang mga operasyon sa konsesyon ng pagkain na bahagi ng isang permanenteng drive-in na sinehan ay nirekumpigura para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya.
  - Kung magagawa, ang elektronikong paunang pag-order at pagbabayad na may nakatalagang oras para sa pagkuha ay iniaalok.

Retirado - Wala ng Epekto

Retirado - Wala ng Epekto

- Kung ang mga tagapagtangkilik ay pinahintulutan na umorder at kunin sa stand ng konsesyon, sila ay aalokan ng isang menu (nakapaskil o minsanang-gamit na handout), upang pahintulutan ang mabilis na pag-oorder, at ang mga bagay na inorder ay pinagtitipon, pinapakete at kinukuha ng kostumer sa loob ng 15 minuto ng pag-order sa lugar. Ang mga tagapagtangkilik na naghihintay para sa kanilang mga order ay hindi maaaring magtipon-tipon sa lugar ng konsesyon. Alinman, sila ay maaaring maghintay habang may espasyo na hindi bababa sa 6 na talampakan sa isa't isa, malayo sa lugar ng konsesyon o bumalik sa kanilang mga sasakyan at pagkatapos ay babalik sa isang itinalagang oras para makuha ang kanilang order.
- Kung ang mga tagapagtangkilik ay kailangang pumila upang umorder o kumuha ng pagkain, ang teyp o iba pang mga marka ay inilagay sa parehong panimulang lugar para sa mga tagapagtangkilik na dumarating sa pagkuha at 6 na talampakang pagitan para sa mga susunod na tagapagtangkilik na papasok sa linya.
- Walang bata 12 taong gulang pababa ang pahihintulutan na bumisita nang nag-iisa sa lugar ng konsesyon o banyo.
- Hindi hihigit sa dalawang matanda kada sasakyan ang pinahihintulutan na kumuha ng mga order na pagkain. Kung ang isang matanda ay kukuha ng isang order, maaari silang samahan ng isang bata.
- Ang mga stand ng konsesyon ay sarado sa mga bagong order sa hindi bababa sa 30 minuto bago ang katapusan ng palabas.

❑ Kung ang mga tagapagtangkilik ay kailangang pumila upang makapasok sa mga banyo, ang teyp o iba pang mga marka ay kinikilala ang parehong panimulang lugar para sa mga tagapagtangkilik na dumarating at 6 na talampakang pagitan para sa mga susunod na tagapagtangkilik na papasok sa linya.

❑ Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga tagapagtangkilik at sa isa't isa sa mga lugar ng pag-oorder ng konsesyon, pagkuha at pagbabayad. Ang mga empleyado ay maaaring panandaliang lumapit kapag kinakailangan upang tumanggap ng bayad, magdeliber ng mga paninda o serbisyo, o kung kinakailangan.

❑ Ang mga dobleng tampok ay tinanggal na, at ang mga oras ng palabas ay nilimitahan o halinhinan upang maiwasan ang pangangailangan sa mga intermisyon at maiwasan ang pagsisiksikan sa pagitan ng mga palabas.

❑ Sapat na seguridad at/o kawani ang itinalaga upang masiguro na sumusunod sa lahat ng kinakailangan ang mga empleyado at kostumer.

## C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

❑ Ang mga sistema ng HVAC sa mga kulong na booth ng tiket at sa mga lugar ng konsesyon at mga pasilidad ng banyo ay nasa mabuti, gumaganang ayos; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, na ang bentilasyon ay nadagdagan. Hangga't maaari isaalang-alang ang pagkakabit ng napakahusay na mga naglilinis ng hangin, pagtaas sa uri ng mga panala ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hangin mula sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo. Tingnan ang Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasala at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California para sa detalyadong impormasyon.

- Mangyaring tandaan: Ang bentilasyon at iba pang pagpapabuti sa kalidad ng panloob na hangin ay pagdaragdag sa, at hindi pangpalit para sa mga iniuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga maskara sa mukha (maliban sa ilang mga kapaligiran na mataas ang panganib na nangangailangan ng wastong proteksyon sa palahingahan), pagpapanatili ng hindi bababa sa

Retirado - Wala ng Epekto

anim na talampakang pagdistansya sa pagitan ng mga tao, paghuhugas ng mga kamay nang madalas, at paglilimita ng mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao mula sa magkakaibang sambahayan.

- ☐ Ang papel na tiket ay maaaring tanggapin ng isang kawani na nasa isang booth, may suot-suot na maskara sa mukha at patapon na guwantes at protektado ng naaangkop na harang. Ang mga elektronikong tiket o resibo ay maaaring mai-scan alinman ng isang kawani na nasa isang booth na protektado tulad ng nasa itaas o ng isang kawani na nasa walang bubong na may suot-suot na maskara sa mukha.
- ☐ Ang mga madalas na nahahawakang bagay at ibabaw sa mga banyo at lugar ng pagkuha ng konsesyon at pagbabayad (hal., mga counter, hawakan ng pinto, credit card readers) ay dinidisimpekta nang hindi bababa sa isang beses kada araw sa mga oras ng negosyo gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA.
- ☐ Ang mga lugar ng trabaho at ang kabuuang pasilidad ay nililinis na hindi bababa sa araw-araw, ang mga banyo at madalas na mga nahahawakang lugar/bagay ay nililinis nang mas madalas kung natukoy na kailangan.
- ☐ Ang mga tagapagtangkilik (patrons) na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain o umiinom, kung naaangkop) habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng maskara ay dapat na magsuot ng isang panangga sa mukha na may maluwang na tela sa ibabang dulo, upang sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't pinahihintulutan ng kanilang kondisyon. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip sa mukha ay dapat gawing may magagamit ang mga bisita na dumarating na wala nito.
- ☐ Ang pagsusuri sa síntomas ay maaaring isagawa bago makapasok ang mga tagapagtangkilik sa mga panloob at panlabas na lugar ng establisyemento. Ang mga pagsusuri ay dapat kabilangan ng pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine (Tingnan ang gabay sa Pagsusuri sa Pasukan ng County). Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
  - Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
  - Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
    - Kung ang tao ay nagkaroon ng isang kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok at dapat na umuwi sa bahay agad para mag-quarantine. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
    - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok at dapat na umuwi sa bahay agad para magbukod. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.
- ☐ Ang mga tagapagtangkilik na dumarating sa lugar na may mga batang kasama ay dapat na siguruhin na ang mga bata ay hindi umaalis sa kanilang mga sasakyan na walang kasama. Kung ang bata ay dapat na pumunta sa banyo o samahan ang isang matanda sa lugar ng konsesyon, ang kasamang matanda ay

dapat na siguruhin na ang bata ay nasa kanilang tabi, hindi humahawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at nakasuot ng mga maskara sa mukha kung pinahihintulutan na ng edad.

- ❑ Ang hand sanitizer, mga tisyu at basurahan ay magagamit ng mga tagapagtangkilik sa pasukan o malapit sa pasukan ng banyo at mga lugar ng konsesyon.
- ❑ Opsyonal – Ilarawan ang ibang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon:

## D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito, o kung naaangkop, ang nailimbag na Sertipiko ng Pasilidad sa Pagsunod sa Kaligtasan sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng LA County ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa pagpapatunay ng sarili (self-certification) para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang. http://publichealth.lacounty.gov/eh/ covid19/safety-compliance-certificate-program.htm. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsisyasat, sa oras na hilingin.
- ❑ Ang mga bilihan sa online ng establisyemento (website, sosyal (social) media, etc.) ay tinuturuan ang mga tagapagtangkilik sa kung paano bumili ng mga tiket online at anumang mga patakaran na nauugnay sa pagpapatunay ng pagbili sa lugar.
- ❑ Ang mga bilihan sa online ng establisyemento (website, sosyal media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa mga oras ng pagbubukas, kailangang paggamit ng mga maskara sa mukha, mga patakaran tungkol sa paunang pag-order, paunang bayad, pickup at/o pagdedeliber ng mga konsesyon na bagay at iba pang mga isyu. Isang kopya ng protokol na ito ay ipinaskil sa lahat ng pampublikong pasukan sa pasilidad.
- ❑ Karatula o signage ay ipinaskil na upang magbigay ng malinaw na gabay sa publiko tungkol sa kung paano panatilihin ang kaligtasan sa loob ng pasilidad (hal. pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya, pagsusuot ng maskara sa mukha, atbp.) Tingnan ang Patnubay sa COVID-19 ng County DPH: http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/guidances.htm#business para sa mga karagdagang resources at mga halimbawa ng karatula na maaaring gamitin ng mga negosyo.
- ❑ Karatula na nakikita sa pagpasok sa lugar at saanman ang mga tagapagtangkilik ay pumipila at naaabisuhan ang mga tagapagtangkilik sa mga kinakailangan na nauugnay sa pisikal na pagdistansya at pagkontrol ng impeksyon, kabilang ang:
  - Pagbabawal sa pagtitipon o panonood sa labas ng sasakyan;
  - Pagkakaroon ng paunang pag-order sa stand ng konsesyon;
  - Kinakailangang paggamit ng mga telang pantakip sa mukha kapag bibisita sa mga stand ng konsesyon o banyo;
  - Kinakailangang pangangasiwa ng matanda sa mga bata;
  - Magalang na pagsunod sa mga instruksyon ng empleyado patungkol sa itaas.
- ❑ Isang anunsyo sa puting tabing bago ang pagpapalabas o screening ay ginagamit upang patatagin ang kamalayan ng tagapagtangkilik sa mga kinakailangan na nauugnay sa pisikal na pagdistansya at pagkontrol ng impeksyon, gaya ng nasa itaas.
- ❑ Ang menu ng mga bagay na maaaring bilihin ay madaling makukuha ng mga tagapagtangkilik na nagpaplanong bumili sa lugar at sa mga lugar ng konsesyon.

Retirado - Wala ng Epekto

## E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga tagapagtangkilik/kliyente ay binigyang prayoridad
- ❑ Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok nang malayuan (remotely) ay inilipat sa on-line.
- ❑ Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga paninda at serbisyo para sa mga tagapagtangkilik na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

## F. PANSAMANTALA O SEMI-PERMANENTENG PAGKAKAAYOS SA MGA LOTE NG PARADAHAN O IBA PANG MGA PAGKAKAAYOS

- ❑ **Abiso ng Pampublikong Kalusugan**. Ang mga entidad na nagnanais na lumikha ng mga operasyon ng drive-in na sinehan sa mga lokasyon na hindi normal na ginagamit para sa layuning iyon ay dapat na magsumite ng isang nakasulat na plano para tugunan ang lahat ng mga isyu sa kaligtasan at kalusugan sa ehmail@ph.lacounty.gov nang hindi bababa sa 7 araw na maaga**.** Ang Kalusugang Pangkapaligiran ay maaari ring mangailangan ng isang inspeksyon para tasahin ang lokasyon at pasilidad.
- ❑ **Sukat ng Lokasyon**. Ang lokasyon ay dapat na may sapat na laki para pagkasyahin ang inaasahang bilang ng mga bisita at kanilang mga sasakyan na may 6 na talampakan o higit pang distansya sa pagitan ng lahat ng kotse, sapat na espasyo para sa mga banyo, mga estasyon sa paghuhugas ng kamay, mga lugar ng film projection, at mga lugar ng pahingahan ng kawani.
- ❑ **Kontrol ng buong paligid at mga dumadalo**. Gumawa ng plano na kikilala sa isang pinakamaraming pag-okupa para sumunod sa mga paghihigpit ng pampublikong kalusugan na may pagtitiyak sa mga kontroladong labasan at pasukan.
- ❑ **Pagkain**. Ang anumang serbisyo ng pagkain ay dapat na mula sa isang restawran sa lugar o pamilihan na pinahihintulutan ng Kalusugang Pangkapaligiran. Ang pagkain ay maaaring bilihin at kunin sa lugar o i-order sa pamamagitan ng mga ikatlong partidong serbisyo ng paghahatid at inihahatid sa sasakyan ng kostumer. Ang mga pasilidad ng pagkain na ito ay dapat na sumunod sa lahat ng naaangkop na protokol sa muling pagbubukas. Ang mga dumadalo ay maaaring magdala ng kanilang sariling pagkain. Ang mga pansamantalang lugar ng konsesyon, hindi pinahihintulutang konsesyon o iba pang mga pasilidad ng pagkain (hal. nakakontratang pagkain, mga kart ng pagkain) ay hindi pinapayagan.
- ❑ **Mga Banyo at Paghuhugas ng Kamay**. Kung walang magagamit na mga banyo at estasyon sa paghuhugas ng kamay, o walang mga sapat nito para tugunan ang mga pangangailangan ng mga inaasahang dadalo, dapat na magbigay ng mga naililipat na banyo at estasyon sa paghuhugas ng kamay. Dapat na may humigit-kumulang na 1 banyo at 2 estasyon sa paghuhugas ng kamay kada 100 dumadalo.

## G. MGA MUSIKAL NA KONSIYERTO AT LIVE NA PAGGANAP

- ❑ Ang lahat ng mga kawani, tauhan, musikero at tagaganap ay inaatasan na magsuot ng telang pantakip sa mukha at magpanatili ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang distansya mula sa isa't isa sa lahat ng oras, maliban kapag ang mga partikular na gawain ay nangangailangan ng mas masusing pagtingin.
- ❑ Ang lahat ng mga kontrata, iskrip, papel ng musika, at iba pang mga dokumento na karaniwang pinagsasaluhan alinman ay didyital na ibinabahagi, o nakalimbag at indibidwal na itinatalaga sa mga tauhan, musikero at tagaganap para maiwasan ang pagsasalo-salo.
- ❑ Saanman magagawa, ang lahat ay dapat na gumamit ng kanilang sariling kasangkapan (kabilang ang mga headset, mikropono, console), gamit, atbp. Kung dapat na pagsaluhan ang kasangkapan, dapat itong linisin sa pagitan ng bawat paggamit.

Retirado - Walang Epekto

- ❑ Ang mga pangmarka ng distansya ay dapat na ipagkaloob para ipahiwatig ang sapat na panlipunang pagdistansya. Ang mga mikropono, console, at iba pang kasangkapan ay dapat na isaayos para pangasiwaan ang panlipunang distansya.
- ❑ Ang lahat ng mga musikero at mang-aawit na gumaganap ng trabaho sa kung saan sila ay hindi maaaring magsuot ng pantakip sa mukha (mga tumutugtog ng mahangin at hinihipang mga instrumento, mga mang-aawit) ay dapat na pagsikapan ang pinakamababa na 12 talampakan na panlipunang pagdistansya sa anumang pag-eensayo at pagganap. Bilang alternatibo, ang mga indibidwal na ito ay dapat na nakahiwalay mula sa ibang mga tao at mula sa isa't isa gamit ang plexiglass o iba pang mga pangharang.
- ❑ Ang tagaganap ay dapat na dumating na ayos na ang buhok at makeup kung kakailanganin.
- ❑ Ang lahat ng panlabas mga live na pagganap ay dapat na sumunod sa Protokol sa Panlabas na Pagkakaupo na Live na Kaganapan, Appendix Z.

**Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito.**

**Pangalan ng Kontak ng Negosyo:** ______________________________

**Numero ng telepono:** ______________________________

**Petsa na Huling Nirebisa:** ______________________________

Retirado - Wala ng Epekto